# PASYENTE IMPORMASYON

## Ang 12-Dosis na Gamutan para sa Nakatagong Impeksyon ng Tuberculosis (TB)

### Nadayagnos kang may nakatagong impeksyon ng TB.

Upang gamutin ang iyong nakatagong impeksyon ng TB, inumin ang dalawang gamot (rifapentine at isoniazid) nang minsan kada linggo, sa loob ng 12 linggo. Mahalagang inuman ang **lahat** ng iyong medikasyon. Kapag nakaligtaan mong inumin ang iyong mga tableta para sa linggong iyon, tawagan kaagad ang iyong doktor/klinika.

**Hindi inirerekomenda ang 12-dosis na gamutan para sa mga batang wala pang 2 taong gulang, mga buntis o mga babaeng umaasang mabuntis sa panahon ng gamutan, o ilang taong umiinom ng gamot para sa HIV.**

### Ano ang Nakatagong Impeksyon ng TB?

Ang "TB" ay pinaiksing katawagan para sa sakit na tuberculosis. Ang TB ay naikakalat sa pamamagitan ng hangin mula sa isang tao papunta sa ibang tao. Ang mga taong nahahawaan ng mga mikrobyong TB, subalit hindi nakakaramdam ng pagkakasakit ay tinatawag na **nakatagong impeksyon ng TB**. Ang dahilan kung bakit hindi nakakaramdam ng pagkakasakit ang tao ay nakatago ang mga mikrobyong TB, o hindi aktibo ang mga ito (natutulog), sa kanilang katawan. Ang taong may nakatagong TB ay walang sintomas at hindi makakahawa ng mga mikrobyong TB sa iba.

### Bakit Kailangang Uminom ng Gamot para sa Nakatagong Impeksyon ng TB?

- Maaaring magkaroon ng mga mikrobyong TB sa kanilang katawan ang taong may nakatagong impeksyon ng TB bago magkasakit.
- Ang pag-inom ng mga gamot para sa TB ang tanging paraan upang patayin ang mga mikrobyong TB sa iyong katawan.
- Ang pag-inom ng iyong mga gamot para sa nakatagong impeksyon ng TB ay makapipigil sa iyong pagkakaroon ng TB sa hinaharap.

### Ano Ang Mga Gamot na Iinumin Mo nang 12 Linggo?

Iinom ka ng dalawang gamot (rifapentine at isoniazid) nang minsan kada linggo, sa loob ng 12 linggo. Maaaring ibilin sa iyong makipagkita sa isang healthcare staff member upang inumin mo ang iyong gamot, o maaari nilang sabihin sa iyong inumin ang gamot nang mag-isa.

Ang isa sa mga gamot, ang isoniazid, ay maaaring magdulot ng pakiramdam na tinutusok, o pamamanhid sa mga kamay at paa. Maaaring magdagdag ang iyong doktor ng Vitamin B6 sa iyong planong gamutan upang iwasan ito.

**Bago mo simulan ang planong gamutang ito, sabihin sa iyong doktor kung umiinom ka ng anumang iba pang gamot, kabilang ang mga gamot na para sa birth control at gamot para sa HIV. Maaaring mag-interact ang isoniazid at rifapentine sa mga partikular na gamot, kaya napakahalagang malaman ng iyong doktor kung anong mga gamot ang iniinom mo.**

Kung nagpapatingin ka sa ibang doktor, tiyaking sabihin sa kanyang ginagamot ka para sa nakatagong impeksyon ng TB.

**Centers for Disease Control and Prevention**
Pambansang Sentro para sa HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, at pagpigil sa TB

www.cdc.gov/tb

CS292653A

# PASYENTE IMPORMASYON

Ang 12-Dosis na Gamutan para sa Nakatagong Impeksyon ng Tuberculosis (TB)

## Kapag iniinom ang gamot mo para sa TB, mahalagang sundin ang lahat ng tagubiling ibinigay ng iyong doktor o nars.

### Inumin ang Iyong Gamot: Mahalaga ang Bawat Dosis

- Mag-iskedyul ng araw at oras para inumin ang iyong gamot. Gamitin ang mga tip na ito upang matulungan kang makaalala:
    - Gumamit ng isang medication tracker o kalendaryo upang lagyan ng tsek ang mga araw na naka-inom ka na ng gamot.
    - Magtakda ng alarm sa oras na dapat ka nang uminom ng iyong mga gamot.
    - Magsulat ng paalala sa iyong sarili na inumin ng iyong gamot. Ilagay ito sa lugar kung saan makikita mo ito, tulad ng salamin sa iyong paliguan o sa iyong refrigerator.
    - Pakiusapan ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan na tulungan kang makaalala.
- Inumin ang mga gamot mo pagkatapos kumain. Ang pagkain bago inumin ang iyong gamot sa nakatagong impeksyon ng TB ay nakakatulong upang mas mahusay na masipsip ng iyong katawan ang mga gamot.
- Kakailanganin mong lunukin ang mga gamot sa iisang upuan, sa loob ng 5-10 minuto.

### Itago ang Iyong Mga Gamot

- Ilagay ang gamot sa normal na temperatura ng silid.
- Itago ang rifepentine pills sa blister pack hanggang handa ka nang inumin ang mga ito.
- Itago ang iyong gamot nang malayo sa mga bata.
- Ilagay sa isang lugar ang gamot mo, kung saan hindi mo ito makakaligtaan.

### Limitahan ang Pag-inom ng Alcohol

- Ang pag-inom ng alcohol ay iniuugnay sa mataas na risgo ng pagkasira ng atay habang umiinom ng isoniazid.
- Dapat niyong pag-usapan ng iyong doktor ang pag-inom ng alcohol bago mo simulan ang iyong gamot.

### Mga Side Effect

- Normal lang kapag nagkulay kahel o pula ang iyong ihi, laway, mga luha, o pawis.
- Ang isoniazid ay maaaring magdulot ng pakiramdam na tinutusok, o pamamanhid sa mga kamay at paa. Maaaring magdagdag ang iyong doktor ng Vitamin B6 sa iyong planong gamutan upang iwasan ito.
- I-review ang listahan ng mga senyales at sintomas na maaaring mangyari kapag hindi tinanggap ng iyong katawan ang gamutang ito.
- Ang mga tao ay may iba't ibang reaksyon sa mga gamot. Kung nagkakaroon ka ng reaksyon sa iyong gamutan, itigil kaagad ang pag-inom ng iyong gamot at tawagan ang iyong doktor o nars!

### Mga Babae

- Maaaring makagambala ang gamot na ito sa hormone based birth control (kabilang ang mga birth control pill, ring, at mga turok).
- Sa panahon ng gamutan, dapat gumamit ng mga non-hormonal barrier na anyo ng birth control (mga condom o diaphragm) upang maiwasan ang pagbubuntis.
- Kapag nabuntis ka, itigil ang pag-inom ng iyong gamot at makipag-usap sa iyong doktor o nars.

**Centers for Disease Control and Prevention**
Pambansang Sentro para sa HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, at pagpigil sa TB

www.cdc.gov/tb